

Paggamot sa COVID-19


IKAW BA AY NANGANGANIB MAGKAROON NG MALUBHANG COVID?

Maaring magkaroon ng
paggamot upang
matulungan ang mga taong
nanganganib ng
malubhang sakit.

PROGRAMANG TEST TO TREAT (SURIIN PARA GAMUTIN)

Ang Test to Treat ay isang bagong programang makakatulong sa mga nangangailangan ng pagsusuri at pangmadaliang libreng paggamot kung magpositibo sila sa COVID-19.

Walang bayad ang paggamot anuman ang insurance (seguro sa kalusugan) o estado ng imigrasyon.



MGA PAMANTAYAN NG PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Ipapaalam sa iyo ng isang tagapangalaga ng kalusugan kung maaari kang makatanggap ng paggamot base sa

- ✓ Antas ng iyong panganib na magkaroon ng malubhang COVID-19
- ✓ Kasalukuyang mga gamot
- ✓ Kakayahang makakuha ng ibang paggamot
- ✓ Edad (para sa edad 12 pataas at may timbang na hindi bababa sa 88 pounds/40 kilos)



PAANO AKO MAKAKATANGGAP NG PAGGAMOT?

- Makipag-usap muna sa iyong tagapangalaga ng kalusugan. Ang iyong tagapangalaga ay maaring magbigay sa iyo ng reseta na maaring mapunan saanman mayroong antivirals.
- Kung wala kang tagapangalaga ng kalusugan, gamitin ang **Test to Treat locator (aspr.hhs.gov/TestToTreat)** para humanap ng malapit na klinika o tumawag sa 1-800-232-0233 (TTY 888-720-7489) para makakuha ng tulong sa wikang Ingles, Espanyol, at mahigit 150 pang ibang wika.
- Dalhin ang resulta ng iyong pagsusuri mula sa at-home (antigen) test (pagsubok sa bahay) (antigen) o isang lugar ng pagsubok sa isa sa mga lokasyon ng Test to Treat.

MGA MADALAS NA KATANUNGAN

TANONG:

Anong mga uri ng gamot ang makukuha sa pamamagitan ng programang Test to Treat?

SAGOT:

Kasama sa programang Test to Treat ang dalawang klase ng oral antiviral pills – Paxlovid (Ritonovir-boosted Nirmatrelvir) ng Pfizer at Lagevrio (Molnupiravir) ng Merck. Ang agarang pag-inom ng mga gamot na ito pagkasimula pa lamang ng mga sintomas ay makakatulong para makaiwas sa malalang sakit at pagkakaospital. Dapat inumin ang gamot sa loob ng limang araw pagkatapos magsimula ang mga sintomas.

TANONG:

Paano gumagana ang oral antiviral na gamot

SAGOT:

Ang paggamot ng oral antiviral ay tutulungan ang iyong katawang labanan ang COVID-19 sa pamamagitan ng pagpigil sa pagdami ng bayrus sa iyong katawan, pagpapababa sa bilang ng bayrus sa iyong katawan, at pagtulong sa iyong resistensya.

MGA MADALAS NA KATANUNGAN

TANONG:

Ano pang mga gamot sa COVID ang magagamit ngayon?

SAGOT:

Habang hindi kasalukuyang inaalok sa pamamagitan ng programang Suriin upang Gamutin (Test to Treat), ang mga pasyenteng may nakompromisong sistema ng imyunidad ay maaaring maging karapat-dapat na tumanggap ng gamot na Evusheld upang makatulong na maiwasan ang COVID.

Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung karapat-dapat ka para sa Evusheld, o bisitahin ang website ng Birds Eye Medical.
birdseyemedical.com/evusheld_treatments

KARAGDAGANG KAALAMAN

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang Test to Treat o para hanapin ang pinakamalapit na lokasyon para sa programa, magtungo sa aspr.hhs.gov/TestToTreat.

